LUNGSOD NG BELLFLOWER
MARSO 3, 2009, PANGKALAHATANG HALALANG PAMBAYAN

Batay sa mga batas na umiral nang 2008, ang impormasyong ito ay inihanda bilang serbisyo publiko at inilaan upang gawing batayan at gabay lamang. Para sa higit pang kaalaman, tumawag sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424 o bumisita sa Gusaling Panglungsod sa 16600 Civic Center Drive, Bellflower.

MGA KADALASANG KATANUNGAN:

IMPORMASYON SA PAGBOTO

T Paano malalaman kung ano ang nasa balota at saan ako boboto?

Ang bawat nakarehistro na botante ng Lungsod ay tatanggap ng Sampol na Balota at Botanteng Impormasyong Pamplet upang ipabatid sa kanila kung ano ang nilalaman ng balota at saan sila boboto. Pakisuri ang lugar ng pagbobotohan sa bawat eleksiyon dahil madalas po na magpalit ng lugar. Ang pamplet pong ito ay ipadadala sa pagitan ng Enero 22 at Pebrero 10, 2009. Kung kayo ay nakarehistro na botante at hindi pa ninyo natanggap ang inyong pamplet sa petsang Pebrero 17, tumawag lang po sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424, ekstensiyon 2221 o 2222.

T Kailan magbubukas ang mga presintong botohan?

Ang mga presintong botohan ay magbubukas mula 7 n.u. at magsasara ng 8 n.g. sa Araw ng Halalan (Marso 3, 2009). Ang mga botanteng nakalinya sa pagsasara ng botohan ay pahihintulutang makaboto.

T Bakit napalitan ang aking lugar na pagbobotohan?

Ang lugar na pagbobotohan ng bawat botante ay nakasulat sa likod ng balat ng Sampol na Balota at Botanteng Impormasyong Pamplet na kanyang natanggap sa koreo. Ang mga dahilan sa pagbabago sa lugar ng pagbobotohan mula sa mga nakaraang halalan ay:

- Ang pagbabago ng hangganan ng presinto ay kinakailangan sa dahilan ng muling pagbabahagi, pagdami ng rehistro, o pagsasanib ng mga presinto.
- Ang mga lugar ng pagbobotohan ay hindi permanente at batay sa kung ito ay maaaring gamitin para sa bawat halalan.
- Ang isang lugar botohan sa kabilang kalye ay hindi nangangahulugang ito rin ang pagbobotohang presinto para sa mga residente ng lugar na iyon dahil maaaring ang hangganang linya ng presinto ay nasa gitna ng kalye.

T ***Kung di ko alam ang aking gagawin pagdating sa lugar botohan, mayroon bang tutulong sa akin?***

Opo, May mga manggagawa sa lugar ng botohan na tutulong sa inyo. (Kodigo ng Eleksiyon 14272, 14282)

T ***Pwede ko bang dalhin ang aking sampol na balota o sinulat kong listahan sa loob ng puwesto ng botohan?***

Opo. Ang pagpili ng mga iboboto bago pa lamang pumunta sa lugar botohan ay makakatulong sa pagboto ng inyong balota.

T ***Paano kung hindi bukas ang aking lugar botohan?***

Suriin ang lugar na nakalagay sa likod ng iyong Sampol na Balota at Botanteng Impormasyong Pamplet upang masiguro kung tama ang lugar na pinuntahan; ang mga lugar botohan ay madalas magbago. Kung ikaw ay nasa tamang lugar, tumawag sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424, ekstensiyon 2221 o 2222, upang ipaalam sa kanila na ang lugar botohan ay hindi bukas.

T ***Ano ang pansamantalang balota at bakit matagal itong bilangin pagkatapos ng bawat halalan?***

Ang mga pansamantalang balota ay ibinibigay sa lugar botohan sa mga botante na hindi nakalista ang pangalan sa talaan. Madalas, ang botante ay lumilipat ng tirahan ng hindi pinapaalam sa Opisina ng Registrar-Recorder. Minsan naman ay naaalis ang pangalan ng botante dahil sa pagkakamali. Madalas ang botante ay nasa maling lugar botohan. Isa pang kaso ng pansamantalang pagboto ay kung ang botante ay may markang "VBM" sa talaan ng mga botante na nagsasaad na ang botanteng ito ay binigyan na ng "Vote by Mail" na balota. Gayunman, sasabihin ng botante na hindi siya humingi o nakatangggap ng "Vote by Mail" na balota, o sasabihin niyang di siya gumamit ng "Vote by Mail" na balota at hindi dala ito upang isauli. Sa mga kasong ganito, ang botante ay maaaring gumamit ng regular na balota na ilalagay sa isang nakasarang pansamantalang sobre, na di-bubuksan at bibilangin hanggat hindi nasasaliksik ng Opisina ng Registrar-Recorder at napatunayang ang botante ay karapatdapat na bumoto.

T Bakit matagal bilangin ang lahat ng mga balota?

Mayroong tatlong uri ng balota na di maaaring bilangin sa gabi ng halalan.

- Mga "Vote by Mail" na mga balota na isinumite sa mga presinto
- Mga pansamantalang balota sa mga presinto
- Mga isinulat na mga balota.

Lahat ng tatlong kategoryang ito ay nangangailangan ng espesyal na pag iingat at mabibilang sa panahon ng opisyal na bilangan, na isinasagawa ng Kleriko ng Lungsod sa loob ng dalawang linggo kasunod ng halalan.

T Saan bibilangin ang mga balota?

Sa gabi ng halalan, matapos isara ang mga presinto ng 8 n.g., ang mga manggagawa sa mga presinto ay dadalhin ang mga balota sa William Bristol Civic Auditorium sa Gusaling Panglungsod, na magsisilbing Sentral na Bilangang Lugar. Gayunman, ang mga manggagawa sa mga presinto ay magbabalanse ng bilang ng mga balota na binoto at bilang ng mga bumotong nagsipirma, magbibilang din ng mga natirang balota na hindi nagamit pati ang "Vote by Mail" na mga balota na isinauli sa lugar botohan, at ililigpit ang lahat nilang kagamitan. Ang mga lugar botohan ay karaniwang natatapos sa kanilang mga tungkulin sa pagitan ng 8:30 at 9:30 n.g. Ang pagbibilang ng mga boto ay bukas sa publiko.